Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>*Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. *Ricardo B. Ramirez* | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad<br>*Nasa lakad opisyal* |

KAPASIYAHAN BLG. 189-T'2002

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN, KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10,000,000.00) PARA SA KOMPUTERISASYON NG MGA TANGGAPAN NG PAMAHALAANG BAYAN.*

*SAPAGKA'T,* matapat na hangarinn ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maisagawa ang maayos na pamamahala ng mga record at tuloy mapabilis ang mga gawain ng bawat tanggapan;

*SAPAGKA'T,* may mga makabagong pamamaraan ukol sa pamamahala ng record at pagsasagawa ng iba pang mga gawain sa tanggapan;

*SAPAGKA'T,* lubhang lumalaki at lumalawak ang mga gawain sa bawat tanggapan ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T,* kinakailangan ang isang mabilis at maayos na sistema sa daloy ng mga gawain upang di makaabala sa dumaraming bilang ng mga pinaglilingkuran;

*SAPAGKA'T,* walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang maisagawa ang isang sistema ukol sa komputerisasyon ng mga tanggapan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap.. ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na hilingin sa Kanyang Kamahalan, Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P10M para sa komputerisasyon ng mga tanggapan ng pamahalaang bayan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kanyang Kamahalan, Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa, Manila; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan